Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN, SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-14 NG ABRIL, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.............. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............. Kagawad
Kgg. Miguel m. Asinas.............. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco........... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 111-T'97

KAPASIYAHANG INILILIPAT SA SERBISYO NG KOMUNIKASYON ANG HALAGANG SAMPUNG LIBO ISANDAAN AT DALAWAMPU'T LIMANG PISO (P10,125.00) NG TANGGAPAN NG PINUNO SA KABATIRAN NA INILAAN SA PAGLALATHALA NG PAHAYAGAN MULA 1ST HANGGANG 3RD QUARTERS NG TAONG ITO UPANG IPAMBAYAD SA KONSUMO NG TELEPONO NG NABANGGIT NA TANGGAPAN.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ang kahilingan ng Pambayang Pinuno sa Kabatiran na naglalayong makapaglipat ng kaukulang halaga upang magamit sa nabanggit na layunin na nakasaad sa itaas nito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na ilipat sa serbisyo ng komunikasyon ang halagang P10,125.00 ng Tanggapan ng Pinuno sa Kabatiran na inilaan sa paglalathala ng pahayagan mula 1st hangang 3rd quarter ng taong ito upang impabayad sa konsumo ng telepono ng nabanggit na tanggapan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, pambayang Tagatuos at Pambayang Pinuno sa Kabatiran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTIBAY

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo



PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan